REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-81

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG NA MABABA AT MATAAS NA KAPULUNGAN NG KONGRESO NG PILIPINAS NA HIRANGIN ANG DATING MAMBABATAS BENIGNO "NINOY" S. AQUINO, JR. BILANG PAMBANSANG BAYANI NG PILIPINAS.

SAPAGKAT, ang pagpupunyagi ng Pilipino na mabigyang kahulugan ang kanyang pagkamamamayan nito ay nararapat lamang bigyan ng katapat na pagkilala at parangal;

SAPAGKAT, ang dating mambabatas na si Benigno "Ninoy" S. Aquino, Jr. ay kumakatawan sa pinakamabuting aspeto ng pagiging Pilipino dahil sa sakripisyong kanyang ipinamalas upang ang kamalayan ng bawat isa sa atin ay magising at mabigyan ng panibagong kaankinan;

SAPAGKAT, ang pagbubuwis ng sariling buhay para sa ikagagaling ng bansa at ng mamamayan nito ang siyang pinakamataas na antas ng kababaang loob at pagmamahal sa bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang paghiling sa mataas at mababang kapulungan ng Kongreso ng Pilipinas na hirangin ang dating mambabatas Benigno "Ninoy" S. Aquino, Jr. bilang pambansang bayani ng Pilipinas at pinagpasiyahan pa rin na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. na Pangulo ng Pilipinas Fidel V. Ramos at dating Pangulo Corazon C. Aquino.

PINAGTIBAY NG LAHAT NG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN sa kanilang natatanging pulong na ginanap ngayong ika-10 ng Agosto, 1993 sa Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Tagapangulo

SINANG-AYUNAN:

KGG. ROGER C. SMITH
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. VICENTE Y. CHUA
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan